

As a Little Child

By President Jeffrey R. Holland

Acting President of the Quorum of the Twelve Apostles

Tulad sa Isang Maliit na Bata

Ni Pangulong Jeffrey R. Holland

Gumaganap na Pangulo ng Korum ng Labindalawang Apostol

April 2025 general conference

I testify that babies and children and youth are images of the kingdom of God flourishing on earth in all of its strength and beauty.

Jesus began the last year of His mortal life by intensifying the training of His Apostles. If His message and His Church were to survive Him, more had to be pressed into the hearts of 12 very ordinary men who had known Him for scarcely 24 months.

One day Jesus witnessed an argument among the Twelve and later asked, “What was it that ye disputed among yourselves?” Apparently embarrassed, they “held their peace,” the record says. But this greatest of all teachers perceived the thoughts of their hearts and sensed the first blush of personal pride. So He “called a little child unto him, ...

“And said, Verily I say unto you, Except ye be converted, and become as little children, ye shall not enter into the kingdom of heaven.

“Whosoever therefore shall humble himself as this little child, the same is greatest in the kingdom of heaven.”

It should be noted that even before Christ’s birth, King Benjamin’s farewell sermon included this profound comment on a child’s humility. It says, “The natural man is an enemy to God, ... and will be, forever and ever, unless he ... becometh a saint through the atonement of Christ the Lord, and becometh as a child, submissive, ... humble, ... full of love, ... even as a child [re-

Pinatotohanan ko na ang mga sanggol at bata at kabataan ay mga larawan ng kaharian ng Diyos na yumayabong sa lupa sa lahat ng kalakasan at kagandahan nito.

Sinimulan ni Jesus ang huling taon ng Kanyang buhay sa mundo sa pamamagitan ng pagpapaigting ng pagsasanay sa Kanyang mga Apostol. Kung ang Kanyang mensahe at ang Kanyang Simbahan ay iiwan Niya, higit pa ang kailangang ipaunawa sa puso ng 12 napakaordinaryong kalalakihan na halos 24 na buwan pa lamang Siyang nakikilala.

Isang araw, nasaksihan ni Jesus na nagtatalu-talo ang Labindawa at maya-maya pa’y nagtanong, “Ano ang pinagtatalunan ninyo?” Malinaw na nahiya sila, kaya “silay tumahimik,” ayon sa talaan. Ngunit nahiwatigan Niya, na pinakadakila sa lahat ng guro, ang nilalaman ng kanilang puso at naramdaman Niya ang unang bugso ng personal na kapalaluan. Kaya’t “tinawag Niya ang isang maliit na bata, ...

“At sinabi, Katotohanang sinasabi ko sa inyo, Malibang kayo’y magsipanumbalik, at maging tulad sa maliliit na bata, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit.

“Sinumang magpakumbaba nang tulad sa batang ito ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit.”

Dapat nating bigyan ng pansin na bago pa man isilang si Cristo, nabanggit na ni Haring Benjamin sa mensahe ng kanyang pamamaalam ang malalim na komentong ito tungkol sa pagiging mapagpakumbaba ng isang bata. Nakasaad dito: “Sapagkat ang likas na tao ay kaaway ng Diyos, ... at magiging gayon, magpakailanman at walang katapusan, maliban kung ... maging

sponds] to his father.”

Now, there are obviously some infantile inclinations wedon’tencourage. Twenty-five years ago, my then-three-year-old grandson bit his five-year-old sister on the arm. My son-in-law, caring for the children that night, frantically taught his daughter all the lessons on forgiveness he could think of, concluding that her little brother probably didn’t even know what a bite on the arm felt like. That ill-conceived fatherly comment worked for about a minute, maybe a minute and a half, until there was a window-rattling cry from the children’s bedroom, where my granddaughter calmly called out, “He does now.”

So what is it that we are to see in the virtues of life’s junior varsity? What was it that brought Christ Himself to tears in the most tender scene in the entire Book of Mormon? What was Jesus teaching when He called down heavenly fire and protective angels to surround those children, commanding the adults to “behold [their] little ones”?

We don’t know what prompted all of that, but I have to think it had something to do with their purity and innocence, their inborn humility, and what itcouldbring to our lives if we retain it.

Why are our days of despair labeled by one as “vanity of vanities”?How is it that “vain imaginations and the pride of the children of men”are the words that characterize the great and spacious building, so spiritually dead in Lehi’s vision? And the Zoramites, that group who prayed so self-servingly? Of them Alma said, “O God, they [pray] unto thee with their mouths, while they are puffed up ... with the vain things of the world.”

By contrast, is there anything sweeter, more pure, or more humble than a child at prayer? It

banal sa pamamagitan ng pagbabayad-sala ni Cristo, ang Panginoon, at maging tulad ng isang bata, masunurin, ... mapagpakumbaba, ... puno ng pag-ibig, ... maging katulad ng isang batang [tumutugon] sa kanyang ama.”

Ngayon, malinaw na may ilang gawi ang mga bata nahindinatin hinihikayat. Dalawampu’t limang taon na ang nakalipas, kinagat sa braso ng apo kong lalaki na noo’y tatlong taong gulang pa lang ang noo’y limang taong gulang na kapatid niyang babae. Tarantang naituro yata ng aking manugang, na siyang nag-aalaga sa mga bata nang gabing iyon, ang lahat ng aralin tungkol sa pagpapatawad na naisip niya sa anak na babae, at nagsabi na marahil ay hindi alam ng nakababatang kapatid kung ano ang pakiramdam ng kagatin sa braso. Ang komentong iyon ng ama na hindi matamang napag-isipan ay naging epektibo sa loob ng halos isang minuto o isa’t kalahating minuto, hanggang sa isang malakas na iyak ang pumalahaw mula sa silid-tulugan ng mga bata, kung saan kalmadong nagsalita ang apo kong babae at sinabing, “Alam na niya ngayon.”

Ano nga ba ang makikita nating mabubuting bagay sa buhay ng isang bata? Ano ang nagpaluha mismo kay Cristo sa pinakamatamis na tagpo sa buong Aklat ni Mormon? Ano ang itinuturo ni Jesus noon nang tumawag Siya ng apoy mula sa langit at ng mga anghel na poprotekta para palibutan ang mga batang iyon, at sinabi sa matatanda na “masdan ang [kanilang] mga musmos”?

Hindi natin alam kung ano ang nagbunsod sa lahat ng iyon, ngunit sa aking palagay ay may kinalaman ito sa kanilang kadalisan at kawalang-muwang, sa kanilang likas na kababaang-loob, at samaaringidulot nito sa ating buhay kung pananatilihin natin ito.

Bakit ang mga araw ng ating kawalan ng pagasa ay binansagan ng isang tao na “walang kabuluhan ng mga walang kabuluhan”?Bakit “mga walang-kabuluhang guni-guni at ang kapalaluan ng mga anak ng tao”ang mga salitang naglalarawan sa malaki at maluwan na gusaling iyon, na totoong espirituwal na patay sa pangitain ni Lehi? At ang mga Zoramita, ang grupong iyon na nanalangin nang napakamakasarili? Sinabi ni Alma sa kanila, “O Diyos, sila ay [nanalangin] sa inyo sa pamamagitan ng kanilang mga bibig, samantalang sila ay nagmamataas ... sa mga bagay na walang kabuluhan ng daigdig.”

Kabaligtaran nito, may mas tatamis pa ba, mas dalisay pa, o mas mapagpakumbaba pa

is as if heaven is in the room. God and Christ are so real, but for others later on, the experience can become more superficial.

As Elder Richard L. Evans quoted some 60 years ago: “Many of us profess to be Christians, yet we ... do not take Him seriously. ... We respect Him, but we don’t follow Him. ... We quote His sayings, but we don’t live by them.” “We admire Him, but we don’t worship Him.”

How different life could be if the world esteemed Jesus above the level of a profane swearing streak from time to time.

But children really do love Him, and that love can carry over into their other relationships in the playground of life. As a rule, even in their youngest years, children love so easily, they forgive so readily, they laugh so delightfully that even the coldest, hardest heart can melt.

Well, the list goes on and on. Purity? Trust? Courage? Character?

Come with me to view the humility before God demonstrated by one young, very dear friend of mine.

On January 5, 2025—91 days ago—Easton Darrin Jolley had the Aaronic Priesthood conferred upon him and was ordained a deacon in The Church of Jesus Christ of Latter-day Saints.

Easton had longed to pass the sacrament of the Lord’s Supper for as long as he could remember. But this sacred opportunity was accompanied by the stomach-wrenching fear that he would fail, that he would fall, that he would be teased or embarrass himself and his family.

You see, Easton has a rare and very destructive illness, Ullrich congenital muscular dystrophy. It has progressively filled his young life with formidable challenges while shattering his hopes and dreams for the future. He will soon be in a wheelchair permanently. His family does not talk about what awaits him after that.

The Sunday after his ordination, Easton

kaysa sa isang bata na nagdarasal? Tila ang langit ay nasa loob ng silid. Ang Diyos at si Cristo ay buhay na buhay sa kanila, ngunit kalaunanan, maaaring mas mababaw na karanasan ito para sa iba.

Tulad ng binanggit noon ni Elder Richard L. Evans mga 60 taon na ang nakararaan: “Marami sa atin ang nagsasabi nang hayagan na tayo’y mga Kristiyanos, subalit ... Hindi natin Siya siniseryoso. ... Iginagalang natin Siya, pero hindi tayo sumusunod sa Kanya. ... Binabanggit natin ang Kanyang mga turo, ngunit hindi natin isinasabuhay ang mga ito.” “Hinahangaan natin Siya, ngunit hindi natin Siya sinasamba.”

Iba marahil ang takbo ng buhay kung itinuturing ng sanlibutan si Jesus nang higit pa sa paggamit ng Kanyang pangalan bilang mura.

Ngunit talagang mahal Siya ng mga bata, at ang pagmamahal na iyon ay maaari nilang madala sa iba pa nilang mga relasyon sa palaruan ng buhay. Karaniwan, kahit sa kanilang kamusmusan, ang mga bata ay madaling magmahal, madaling magpatawad, nakatutuwa ang kanilang tawa na kaya nitong tunawin maging ang pinakamalamig at pinakamatigas na puso.

At marami pang iba. Kadalisan? Tiwala? Tapang? Pagkatao?

Samahan ninyo ako sa pagtanaw sa ipinakitang pagpapakumbaba sa harap ng Diyos ng isang batang kaibigan na mahal na mahal ko.

Noong Enero 5, 2025—91 araw na ang nakalipas—iginawad kay Easton Darrin Jolley ang Aaronic Priesthood at inorden siya na isang deacon sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Noon pa man, sabik na sabik na si Easton na magpasa ng sakramento ng Hapunan ng Panginoon. Ngunit ang sagradong oportunidad na ito ay nababalot ng takot na dama niya hanggang sikmura na baka mabigo siya, na magkakamali siya, na tutuksuhin siya o mapahiya ang sarili niya at ang kanyang pamilya.

Kasi nga, may bibihira at mapaminsalang sakit si Easton, ang Ullrich congenital muscular dystrophy. Unti-unting pinupuno nito ang kanyang kabataan ng mabibigat na hamon habang sinisira ang kanyang mga pag-asa at pangarap sa hinaharap. Hindi magtatagal at permanente na siyang uupo sa isang wheelchair. Hindi na pinag-uusapan ng kanyang pamilya kung ano ang naghihintay sa kanya pagkatapos nito.

Sa Linggo kasunod ng kanyang ordinasyon,

would pass the sacrament for the first time. And his privately held motivation was that he could present himself and these sacred emblems to his father, who was the bishop of the ward. In anticipating that task, he had begged and pled and wept and begged, extracting a guarantee that no one, no one, would try to help him. For many reasons, private to himself, he needed to do this alone and unaided.

After the priest had broken the bread and blessed it—an emblem representing the broken body of Christ—Easton, with his broken body, limped up to receive his tray. However, there were three sizable steps from the meetinghouse floor to the elevated stand. So, after receiving his tray, he stretched up as high as he could and placed his tray on the surface above the handrail. Then, sitting down on one of the higher steps, with both hands he pulled his right leg up onto the first step. Then he pulled his left leg onto the same step, and so on up until, arduously, he was at the summit of his personal three-step Mount Everest.

He then maneuvered himself to a structural post by which he could climb to a standing position. He made his way back to the tray. A few more steps and he stood in front of the bishop, his father, who, with tears drenching his eyes and flooding down his face, had to restrain himself from embracing this perfectly courageous and faithful son. And Easton, with relief and a broad smile consuming his face, might well have said, “I have glorified [my father and] have finished the work [he gave] me to do.”

Faith, loyalty, purity, trust, honor, and, in the end, love for that father he so wished to please. These and a dozen other qualities make us also say, “Whosoever ... shall humble himself as this little child, the same is greatest in the kingdom of heaven.”

Sisters and brothers and friends, at the top of the list of the most beautiful images I know are babies and children and youth as conscientious

magpapasa si Easton ng sakramento sa unang pagkakataon. At ang kanyang pribadong motibasyon ay maiharap niya ang kanyang sarili at maihatid ang mga sagradong sagisag na ito sa kanyang ama, na siyang bishop ng ward. Sa inaasahang gawaing iyon siya ay nagmakaawa at nagsumamo at umiyak at nagmakaawa, na humihingi ng garantiya na walang sinuman, walang sinuman, ang magtatangkang tulungan siya. Sa maraming kadahilanan, na personal sa kanya, kailangan niyang gawin ito nang mag-isa at walang tulong.

Matapos pagpira-pirasuhin ng priest ang tinapay at basbasan ito—isang sagisag na ku-makatawan sa katawan ni Cristo—si Easton, na may idinaraing sa katawan, ay hrap na tinanggap ang tray niya. Gayunman, may tatlong malalak-ing baitang ng hagdan mula sa sahig ng meetinghouse hanggang sa mataas na pulpito. Kaya, matapos matanggap ang kanyang tray, umunat siya nang husto at inilapag ang kanyang tray sa patungan sa itaas ng handrail. Pagkatapos, umupo siya sa isa sa mas mataas na baitang ng hagdan, at gamit ang dalawang kamay, hinila niya ang kanyang kanang binti pataas sa unang baitang. Pagkatapos, hinila niya ang kanyang kaliwang binti sa parehong baitang at patuloy niyang ginawa ito hanggang, nahirapan man, narating niya ang tuktok ng kanyang personal na tatlong-baitang na Mount Everest.

Pagkatapos, ipinuwesto niya ang sarili sa isang istrukturang poste na makakapitan niya hanggang sa makatayo siya. Binalikan niya ang tray. Ilang hakbang pa at nakatayo na siya sa harap ng bishop, na tatay niya, na basang-basa ng luha ang mga mata at umaagos ito sa kanyang mukha, na kinailangang pigilan ang sarili nito na yakapin ang napakatapang at matapat na anak niyang ito. At si Easton, na nasisiyahan at masayang-masayang nakangiti, ay kulang na lang sabihin na “Niluwalhati ko [ang aking ama at natapos] ko na ang gawaing [ibinigay niya] sa akin.”

Pananampalataya, katapatan, kadalisayan, pagtitiwala, karangalan, at, sa huli, pagmamahal sa amang iyon na nais niyang mapasaya. Ang mga ito at isang dosena pang katangian ang nagtutulak saatinna sabihin din, “Sinumang magpakumbaba nang tulad sa batang ito ay siyang pinakadakila sa kaharian ng langit.”

Mga kapatid at kaibigan ko, sa tuktok ng listahan ng pinakamagagandang larawang alam ko ay ang mga sanggol at bata at kabataan na

and priceless as those we have referred to today. I testify that they are images of the kingdom of God flourishing on earth in all of its strength and beauty.

In that same spirit of testimony, I bear witness that in his youth, Joseph Smith saw what he said he saw and conversed with those with whom he said he spoke. I testify that a humble and pure Russell M. Nelson is God's ordained and gifted prophet and seer. Coming from a lifetime of reading, I bear witness that the Book of Mormon is the most rewarding book I have ever read and the keystone of my little dwelling in a kingdom of many mansions. I bear witness that priesthood and prayer are restoring my life—Christ's priesthood and your prayers. I know all this to be true and bear witness of it in the name of the most loyal and humble of all God's sons—Alpha and Omega, the Great I Am, the crucified, the faithful witness—even the Lord Jesus Christ, amen.

kasintapat at walang kasinghalaga na tulad nila na mga nabanggit natin ngayon. Pinatotohanan ko na mga larawan sila ng kaharian ng Diyos na yumayabong sa lupa sa lahat ng kalakasan at kagandahan nito.

Sa parehong diwa ng patotoo, pinatotohanan ko na sa kanyang kabataan, nakita ni Joseph Smith ang sinabi niyang nakita niya at nakipag-usap sa kanila na sinabi niyang na-kausap niya. Pinatotohanan ko na si Russell M. Nelson na mapagpakumbaba at dalisay ang siyang inorden at mahusay na kahalili ng mga nagdaang propeta at tagakita ng Diyos. Mula sa pagbabasa buong buhay ko, pinatotohanan ko na ang Aklat ni Mormon ang kasiya-siya sa lahat ng aklat na nabasa ko na at tunay na saligang bato ng munti kong tirahan sa isang kaharian na maraming tahanan. Pinatotohanan ko na ang priesthood at panalangin ang nagbabalik ng buhay sa buhay ko—ang priesthood ni Cristo at ang inyong mga panalangin. Alam ko na totoo ang lahat ng ito at pinatotohanan ko ito sa ngalan ng pinakamatapat at pinakamapagpakumbaba sa lahat ng anak ng Diyos—ang Alpha at Omega, ang Dakilang Ako, ang ipinako sa krus, ang tapat na saksi—maging ang Panginoong Jesucristo, amen.